# BAYANIHAN

*by:*
**OLIVIA B. LUMBRE**
*Master Teacher I, Orani North Elementary School*

B - awat isa sa ati'y may pananagutan sa lipunan

na di dapat kalimutan

pagkat ito'y para sa ating kapakanan.

A - anhin mo ang yaman,

kung ang ugali mo'y wala naman.

Mahalaga pa ring matutunan mga kagandahang asal.

Y - aman ng isang tao'y di dapat kainggitan,

pagkat ito'y kanyang pinaghirapan.

Magsikap ka't manalangin sa Poong Maykapal,

upang pagpapala sa iyo ay bumukal.

A - ko ay mula sa pamilyang pinagpala,

kaya't ugali ko'y sadyang kahanga-hanga.

Pagtulong sa kapwa ay di ko alintana.

N - ais ng ating manlilikha,

gumawa tayo ng mga bagay na kamangha-mangha.

Tiyakin na sa ating ginagawa,

Panginoon ang unang natutuwa.

I - sipin natin sa tuwina tayo'y Pilipino,

lubos na kilala sa pagiging maginoo.

Isa sa mga kaugaliang Pilipino,

sadyang pinagmamalaki ko.

H - alina't isabuhay natin ang mga kaugaliang Pilipino

upang makamit ang matiwasay at maunlad na buhay na minimithi mo.

Hindi ito biro,

pagkat nakataya rito'y iyong pagkatao.

A - ko, ikaw, tayo'y may malaking obligasyon sa ating lipunan.

Panatilihin natin sa tuwina, magagandang asal na ating natutuhan

mula pagkabata't hanggang sa kasalukuyan.

N - arito kami sa inyong harapan

upang ipaalala mga bagay na dapat ninyong malaman.

Mga Kaugaliang Pilipino na dapat nating pahalagahan

na minana pa natin sa ating lahing pinagmulan.

BAYANIHAN ay wag kalimutan

pagkat ito'y matandang kaugaliang dapat nating pahalagahan.

Simbolo ito ng pagtutulungan

na di kayang tumbusan ng anumang yaman.

"MGA KAUGALIANG PILIPINO,

IPINAGMAMALAKI KO

PAGKAT NANANALAYTAY ITO SA DUGO KO!!!"

*References:*

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan